MAIL PERMIT No. 2C-17-05-522/ ENTERED AS 1ST CLASS
ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 5 Blg.2 | Mayo 18-24, 2020 | P10.00



## SUKLI SA PAGMAMAHAL SA KANYANG INA NI IVANA ALAWI

pahina 9

*Aarestuhin at kakasuhan...*

# GOV. REMULLA: 'WAG SUBUKAN ABUSUHIN ANG SISTEMA

pahina 2

CONGRATULATIONS FROM SM CENTER IMUS!




Congratulations to **KENT MELVIN MIRANDA** for winning our Food Styling Challenge. Send us a PM for details on how to claim your prize.
**#CelebrateMomsDayWithSM**
**#WeGotYouMOM**

## IATF GRANTS BACOOR CITY'S APPEAL FOR MODIFIED ECQ

p.11

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

### Aarestuhin at kakasuhan…

# GOV. REMULLA: 'WAG SUBUKAN ABUSUHIN ANG SISTEMA

**BAHAGI ito ng pahayag ni Cavite Governor Jonvic Remulla sa kanyang facebook post kaugnay sa pagkakalagay bilang General Community Quarantine ang lalawigan na epektibo nitong Mayo 16.**

Patungkol ito sa lahat ng manggagawa bilang pagpapaalala na ang workers ID ay hinde maituturing na 'pasyal pass.'

Ang company ID ay mayroon lamang umanong bisa kapag duty days.

Malinaw na kapag hindi naka-duty ay walang kapangyarihan ang company ID upang magsilbing quarantine pass, travel pass at transit pass.

Nabatid na ang HR ay mag-iisyu umano ng Certificate of Duty at doon ay isinasaad ang duty day at duty hours ng isang trabahador.

Sa anunsuyo pa rin mula sa FB post ng gobernador ay maaaring makapunta sa palengke, drug store o grocery ang isang manggagawa bago pumasok at pagkauwi galing ng trabaho.

Kaya naman ang apela ni Remulla sa mga may valid workers ID ay hindi dapat tangkaing abusuhin ang naturang sistema dahil ang lalabag ay aarestuhin at mahaharap sa kaukulang kaso.

Nabatid na ang bawat alkalde sa mga lungsod at munisipalidad ng lalawigan ang magpapatupad ng mga patakaran o alituntunin para sa GCQ ng kanilang mga nasasakupan.

Sinusulat ito ay wala pa rin katugunan ang Inter Agency Task Force sa dalawang ulit na kahilingan ng gobernador para payagan ang pag-angkas sa single motorcycle ng mag-asawa o magkasama sa bahay gayunman ay sumasailalim pa rin sa masusing pag-aaral ng IATF. **RS**

# Basehan sa pagpapalawig ng quarantine sa Laguna, iba pang high-risk areas, nilinaw ng Palasyo

**LUNGSOD NG CALAMBA, Laguna (PIA)** — Nilinaw ni Presidential Spokesperson Harry Roque ang mga naging basehan ng Inter-Agency Task Force for Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) sa pagsasailalim sa lalawigan ng Laguna at iba pang high-risk areas sa bansa sa 'modified enhanced community quarantine' simula Mayo 16 hanggang Mayo 31.

Sa isinagawang press briefing nitong Huwebes, Mayo 14, sinabi ni Roque na ilan sa mga pangunahing bagay na pinagbabatayan ng rekomendasyon ng IATF ay ang COVID-19 case doubling rate o bilis ng pagkalat ng sakit sa lugar.

Aniya, pinagbatayan din ng IATF ang critical care utilization ng mga lokal na pamahalaan o abilidad ng health sector nito na magbigay ng serbisyong medikal sa mga magkakasakit.

"Unang-una, ang kinukunsidera dyan ay 'yung case doubling rate yung pagkalat ng sakit at yung panagalawa ay 'yung kahandaan na magbigay ng critical care noong lugar," pahayag ni Roque.

Ayon sa Department of Health ang case doubling time ay ang bilis ng pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa isang lugar.

Halimbawa, sa mga low-risk areas, lampas sa 30 araw bago makapagtala ng panibagong kaso; pito hanggang 30 araw naman para sa mga moderate-risk areas; habang anim na araw o mas maikli ang case doubling time sa mga high-risk areas. Kabilang din sa pinagbabasehan ng DOH ang epidemic response ng bawat lokal na pamahalaan.

Mababatid na ikalawa lamang ang Laguna sa may mataas na bilang ng kumpirmadong kaso ng COVID-19 kasunod ng lalawigan RIzal.

Sa ngayon, may 353 na kumpirmadong kaso ang naitala sa Laguna, 357 sa Rizal, 253 sa Cavite, 134 sa Batangas, habang 77 naman sa probinsiya ng Quezon.

Nangununa naman ang Laguna sa may pinakamataas na naitalang bilang ng paggaling kumpara sa ibang probinsya sa CALABARZON na ngayon ay umabot na sa 156 batay sa datos ng Department of Health Center for Health Development Region 4A.

Nakatakda na ring magbukas ang molecular testing labortory sa San Pablo City District Hospital at ang 'gold standard' molecular laboratory sa University of the Philippines Los Baños na magsisilbing COVID-19 testing Center sa Laguna, ayon sa pamahalaang panlalawigan nito.

Batay sa IATF Resolution No. 35, ang Laguna kasama ang mga siyudad sa National Capital Region, at Cebu City ay kabilang sa mga high-risk areas na isasailalim sa MECQ mula Mayo 16 hanggang Mayo 31.

Habang ang ibang apat na probinsiya sa rehiyon na kabilang sa mga moderate-risk areas ay isasailalim naman sa 'general community quarantine.'

---

Sa panig naman ng Kapitolyo, may umiiral na itong programa para sa tulong sa pagpapalibing sa pamamagitan ng Provincial Social Welfare and Development Office.

Samantala, sa sandaling maialis sa lugar ng pinagkamatayan ang labi ng namatay dahil sa COVID-19, kinakailangan itong isailalim agad sa massive disinfection. **(CLJD/SFV-PIA 3)**

# MIYCF Team isinusulong ang tamang nutrisyon ng pamilya sa LB

**BAY, Laguna (PIA)** – Patuloy na isinusulong ng Mother, Infant and Young Child Feeding (MIYCF) Team ang tamang nutrisyon sa mga pamilya sa bayan ng Los Baños (LB) sa pamamagitan ng pamamahagi ng Nutri Care Packs na huling isinagawa noong Mayo 13, 2020.

Ngayong panahon ng pagsasakatuparan ng community quarantine dahil sa pandemyang Coronavirus Disease o COVID, apat na beses nang nakapamahagi ang MIYCF team ng mga Nutri Care Packs para sa kabuuang 1500 na mga pamilya na mayroong miyembrong sanggol, bata, nagpapasusong ina at buntis.

Ayon kay Municipal Nutrition Action Officer (MNAO) Madeleine M. Alforja, "Layunin ng proyektong ito na isulong ang tamang nutrisyon para sa buong pamilya lalo na sa may mga maliliit na batang dalawang taong gulang pababa, mga inang buntis at nagpapasuso."

Kasabay pa aniya ito ang pag-facilitate nila ng informal breastmilk-sharing para sa mga sanggol na nangangailangan ng supplemental feeding.

Kalakip rin ng bawat Nutrition Care Pack ang mga babasahin tungkol sa tamang breastfeeding o pagpapasuso at pagbibigay ng karagdagang pagkain sa mga batang anim (6) na buwang gulang pataas.

Isa pa aniya sa layunin ng programang ito ang maipromote ang breastfeeding, maging ang kahalagahan ng pagkain nang masustansiya kahit sa panahon ng pandemya at pangangalaga sa kalikasan.

Ang malikhaing paraan na naisip ng MIYCF team para naman makatulong sa pagbabawas ng basura at mapangalagaan ang kalikasan ay ang pag-implementa ng amBAGS.

Ang amBAGS ay ang pangangalap ng mga used bags o luma nang mga bag upang gamitin na lalagyan ng mga Nutri Care Pack imbes na gumamit ng mga disposable na plastik at supot.

Hiling aniya ni Alforja na kahit papaano sana ay nakatulong ang kanilang mga ibinigay sa mga nakatanggap nito.

"Nagpapasalamat ako sa bumubuo ng LB MIYCF Action Team, volunteers, sponsors , barangay nutrition scholars o BNS, kay Kapitan Ian Kalaw sa pagpapagamit ng Batong Malake Covered Court at sa lahat nang tumulong sa proyektong ito," pahayag ng Nutrition Officer.

Ang MIYCF ay isang kolaborasyon ng iba't-ibang grupo at indibidwal kasama ang Municipal Nutrition Action Officer (MNAO), LATCH (Lactation, Attachment, Training, Counseling, Help) LB, Rotary Club of Los Banos, Makiling Motorcycle Club of LB, at Hon. Councilor Miko Pelegrina. **(Joy Gabrido/PIA4A)**

# Marangal na pangangasiwa sa mga namatay sa COVID-19, tiniyak

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA)** -- Tiniyak ng pamahalaang panlalawigan ang pagkakaroon ng isang marangal na sistema sa pangangasiwa sa mga labi ng mga pumanaw dahil sa sakit na coronavirus disease o COVID-19 at maging yung mga probable at suspect cases pa lamang.

Sa inilabas niyang Executive Order 17-2020, binuo ang Provincial Team for the Management of the Dead Persons habang may pandemya.

Ito ay naaayon sa Memorandum Circular no. 2020-063 ng Department of the Interior and Local Government o DILG tungkol sa Interim Guidelines on the Management of Human Remains for Patients Under Investigation and Confirmed COVID-19 Cases.

Ang pangangasiwa sa mga namatay na pasyente ay mag-uumpisa mula sa pagtukoy kung sino ito, pagkuha sa lugar ng kinamatayan hanggang sa pagtukoy ng paglilibingan o pagsusunugan.

Ayon kay DILG Provincial Director Darwin David, pinapayagang hindi ipasunog ang mismong labi ng namatay sa COVID-19 basta't mailibing agad sa loob ng 12 oras.

Ipinagbabawal ang burol o lamay ng isang patay na nakahiga sa ataul. Pero kung ang isang patay ay ipinasunog o isasailalim sa cremation, pwede itong paglamayan kung nasa loob na ng Urns ang abo.

Dahil dito, ayon pa kay David, kinakausap na ng DILG sa tulong ng 21 mga pamahalaang bayan at 3 pamahalaang lungsod sa lalawigan, ang mga punenarya at crematorium sa Bulacan na huwag magsamantala sa presyo ng kanilang mga serbisyo.

Sa paglilibing o pagsaksi sa pagsusunog, tanging hanggang 10 pinakamalapit na kapamilya ng namatay ang papayagan lamang.

Bukod dito, kinokonsidera rin ang paggalang sa relihiyon o pananampalataya ng isang namatay kung ito ay ipapasunog o ililibing.

Sinabi naman ni Police Provincial Director PCol. Lawrence Cajipe na maglalatag ng perimeter security sa paligid ng pagdadalahan na punenarya, paglilibingang sementeryo o pagsusunugan na crematorium.

Tinukoy rin sa nasabing Executive Order na babalikatin ng pamilya ng namatay ang gastusin sa paglilibing o pagsusunog.

Kung walang kakayahan ang pamilya ng namatay, nakahandang tumulong at umagapay sa gastusin ang mga pamahalaang lokal sa Bulacan.

# Mekaniko, dedo sa pakaliwang 'oto

**PATAY** 29-anyos na mekaniko matapos mabangga ang minamanehong motorsiklo nito ng umano'y biglang pakaliwang sasakyan sa Dasmarians City, Cavite.

Naisugod pa sa Pagamutan ng Dasmarinas City ang biktimang si Arvin dela Rosa, binata, auto mechanic ng Miescor Logistic Inc., at residente ng Brgy Bayudbud, Tuy, Batangas pero namatay din habang ginagamot.

Hawak naman ng pulisya ang driver ng Nissan Almera Sedan na si Renato Agor, 45, binata, district security assistant ng Waltermart Dasmarinas at residente ng 124 Brgy Sampaloc 1, Dasmarinas City.

Sa ulat ni PSSgt Jesus Bae, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-6:05 ng gabi nang naganap ang insidente sa kahabaan ng Aguinaldo Highway sa harapan ng Waltermart Dasmarinas kung saan minamaneho ng biktima ang kanyang motorsiklong Honda habang binabagtas ang nasabing lugar patungo sa direksiyon ng Pala-pala.

Nabangga ang motorsiklo ng minamanehong sasakyan ni Agor na lumabas galing sa exit gate ng Waltemart na biglang kumaliwa sa direksiyong ng Pala-pala. **GENE ADSUARA**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Kalidad ng edukasyon

**INAASAHAN** ang school year 2020-2021 na magbubukas sa darating na Agosto 24.

Sa pamamagitan ng 'distance learning' ay hindi na kailangan pang magtungo ng paaralan ang mga mag-aaral.

Sa sistemang ito ay aminado ang Department of Education na hindi maipagkakaloob ang isang daan porsiyento para sa kalidad ng edukasyon.

Umani rin ng mga reaksiyon dahil paano nga naman ang mga estudyanteng walang access sa internet o mobile services.

Paano nga naman maipapatupad ang sistemang ito kung may mga bahagi o lugar sa bansa na wala pa ring access sa information and communications technology?

Pero patuloy pa rin namang gumagawa ng mga kaukulang hakbang ang kagawaran hinggil dito.

Isa lang naman ang pangunahing pinagtutuunan ng pansin ng kagawaran at ito ay ang hindi mailalagay sa banta ng virus ang lahat ng estudyante maging ang mga guro at mga school personnel.

Kumbaga ay inaalala ng DepEd ang kalusugan at kaligtasan ng lahat lalo at hindi pa tayo nakakatiyak sa covid-19.

Gayunman kahit nasa ganito tayong sitwasyon ay kailangan pa ring ituloy ang pag-aaral at pagbibigay ng kaalaman sa mga mag-aaral,

Kung tutuusin ay maaaring ikonsidera na ang sistemang ito ng mga magulang kaysa naman mahinto ang mga bata o anak sa pag-aaral.

Tinatalakay pa rin ang tungkol naman sa tinatawag na 'physical attendance' sa mga eskuwelahan.

Para sa mga magulang, ito ang komplikado dahil mas malapit sa banta ng virus ang mga bata.

Kaya naman marami rin sa mga nanay at tatay ang napapaisip na pahintuin na lang muna ng isang taon sa pag-aaral ang kanilang anak o mga anak para makatiyak ng kaligtasan.

Bilang magulang ay nasa inyo naman ang kapasyahan para sa kapakanan ng anak ninyo.

Tandaan lamang na ang isang taon ay lubhang napakahabang panahon na para sa isang estudyante.

Ibig sabihin ay labis na pagkabugnot at pagkainip ang mararamdaman ng bata sa loob ng isang taon.

Kaya nararapat na ang isang taon na iyon ay magiging kapaki-pakinabang sa kanila.

Doon naman tayo sa mga titser at iba pang kawani na naninilbihan mula sa mga maliliit na private school.

Kumusta na kaya ang ginawang konsultasyon ni DepEd Secretary Leonor Briones kay acting Socioeconomic Planning Secretary Karl Kendrick Chua?

May kinalaman ito sa pagbibigay ng financial assistance sa mga guro mula naman sa mga pampribadong paaralan.

Naibigay na kaya ng private schools organization ang listahan ng mga gurong kwalipikado sa ayudang ito?

Ang mga private school teachers kapag wala ng pasok ay wala na ring naaasahang suweldo.

Kung sampung buwan lamang ang klase, natural na dalawang buwan naman silang walang income kaya iyan ang pinagtutuunan din ng kagawaran.

# EDITORYAL

## 'Wag gagawa ng ikasisira

**SA mga kabataang mayroong pangarap, huwag kayong gagawa ng ikasisira.**

**Nakapagbigay ng napakagandang payo ang isang guro subalit siya mismo sinira niya ang kanyang sarili at pagkatao.**

**Isa siyang guro na tila nawala sa sariling katinuan sa pagsasabing handang magbigay ng P50 milyong pabuya sa makakapatay kay Pangulong Rodrigo Duterte.**

**Aminado ang guro sa kahangalang kanyang ginawa na ang layon lamang ay upang makapagpasikat.**

**Talagang ang pagsisisi ay palaging nasa huli dahil kahit anong sisi ang kanyang gawin ay batik na sa katauhan niya ang kabaliwang ginawa.**

**Tinawag na rin lang naman ang atensiyon ng mga kabataan ay nararapat nilang itanim sa kanilang isipan at puso na huwag hintaying magsisi sa huli.**

**Ituon dapat ng mga kabataan ang minimithi o pangarap nila at huwag hayaang gagawa ng ano mang ikasisira nila upang sa huli ay walang pagsisisihan.**

## 100 baka ipinagkaloob sa mga magsasakang apektado ng pagsabog ng Bulkang Taal sa Lipa

**LUNGSOD NG LIPA, BATANGAS (PIA)--**Nagkaloob ang Department of Agriculture-Region IV Calabarzon ng 100 baka sa pamahalaang lungsod ng Lipa noong ika-9 ng Mayo upang ipamahagi sa mga magsasakang naapektuhan ng pagsabog ng Bulkang Taal.

Nakibahagi sa naturang pamamahagi sina G. Denis Arpia, Assistant Regional Director for Operations at Regional Rice Program Coordinator at Gng. Vilma Dimaculangan, Assistant Regional Director for Research and Regulations at Regional Livestock Program Coordinator mula sa tanggapan ng DA at sa bahagi naman ng pamahalaang lungsod sina Mayor Eric Africa at City Veterinarian Dr. Samuel Garcia.

Nauna rito, nagsagawa na din ng pamamahagi ng intervention ang naturang tanggapan para sa mga apektadong magsasaka sa bayan ng Laurel noong Mayo 1, 2020. Ang bayan ng Laurel ang isa sa mga bayan sa lalawigan ng Batangas ang lubhang naapektuhan ng pagsabog ng Taal Volcano.

Nakatakda na ring makakatanggap ng kaparehong tulong ang mga benepisaryo ang may 15 pang bayan at siyudad sa Batangas kabilang ang Tanauan, Lemery, Taal, Agoncillo, Alitagtag, Balete, Cuenca, Malvar, Mataas na Kahoy, San Nicolas, Sta. Teresita, Talisay, San Jose, Bauan at Mabini.

Sa kabuuan, naglaan ang ahensiya ng kabuuang 1,163 baka, 482 kalabaw at 850 kambing upang ipamahagi sa mga magsasaka sa buong lalawigan ng Batangas.

Ang pagkakaloob ng baka at iba pang mga hayop ay bahagi ng rehabilitation at recovery program ng DA Calabarzon sa mga apektadong magsasaka dahilan sa pagputok ng bulkang Taal noong Enero ng taong ito.

Ito rin ay napapanahon sapagkat hindi pa man nakakabangon ang karamihang Batangueno mula sa pagsabog ng Bulkang Taal, ngayon naman ay dumaranas sa epektong dala ng COVID-19 pandemic hindi lamang sa usaping pangkalusugan kundi maging sa usaping pangkabuhayan. **(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas with reports from ARC,DA-RAFIS)**

## 219 iskolar ng TESDA Nueva Ecija, nakatanggap ng training allowance

**LUNGSOD NG CABANATUAN (PIA) --** Bagamat nasa ilalim pa din ng Enhanced Community Quarantine ay tuloy ang pamamahagi ng training allowance sa mga iskolar ng Technical Education and Skills Development Authority o TESDA sa Nueva Ecija.

Ayon kay TESDA Provincial Director Ava Heidi Dela Torre, nasa 219 indibiwal ang nakatanggap ng allowance nitong Mayo 4 hanggang Mayo 6 mula sa Training Support Funds ng tanggapan na may halagang 340,680 piso.

Nakapaloob aniya rito ang 69 benepisyaryo ng Special Training for Employment Program sa programang Shielded Metal Arc Welding at Hilot Wellness Massage ng Akarui Technical Foundation, Inc. sa bayan ng San Leonardo.

Kasama din sa mga nakatanggap ng allowance ang 150 iskolar mula sa ilalim ng Rice Extension Services Program ng Gerry's Integrated Farm sa bayan ng Laur at IGB's Farm sa General Tinio.

Paglilinaw ni Dela Torre, mahigpit na ipinatutupad sa naging aktibidad ang mga panuntunan upang makaiwas sa paglaganap ng coronavirus disease tulad ng social distancing at ang pagsusuot ng facemask, gloves, at iba pa. **(CLJD/CCN-PIA 3)**

**ADVERTISING RATES**

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!'** ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

*Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.* papi

# SUNTOK AT TADYAK, INABOT NG INA SA PINIGILANG ANAK NA MAKALABAS NG BAHAY

**SUNTOK** at tadyak ang inabot ng isang 59-anyos na ginang na dahil sa umiral na curfew ay pinigilan nitong lumabas ng bahay ang kanyang binatang anak na umano'y sobrang inip na sa lockdown sa Tanza, Cavite.

Ikinulong sa Tanza Custodial Center ang suspek na si Recto Enriquez, 32, ng Sito Bagong Pook, Barangay Calibuyo, Tanza.

Batay ito sa reklamo ng kanyang inang si Sally Enriquez, 59, fish vendor, at ng nasabing lugar.

Sa ulat ni Pat John Paul Cruz, ng Tanza Municipal Police Station, dakong alas-12:30 ng hatinggabi ay nagtalo ang mag-ina nang nagpaalam si Recto sa kanyang ina na lalabas ng bahay.

Pinigilan ng ina ang anak na lumabas dahil curfew na at baka mahuli pero minasama ng huli kaya humantong sa pagtatalo hanggang sa tadyakan at pagsusuntukin ang una.

Dala ng ingay sa kanilang bahay, nagresponde ang mga barangay tanod na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek. **GENE ADSUARA**

# Magtatay, sinalakay ng kapitbahay

**SUGATAN** ang mag-ama matapos pagsasaksakin ng kanilang kapitbahay dahil sa umano'y hindi pagkakaintindihan sa usapan sa Dasmarinas City, Cavite.

Kapwa ginamot sa Dela Salle University Medical Center ang mag-amang Alex Fortun, 50; at Lester, 19, kapwa residente ng Block 77 Lot 14 Zone 8, Bautista Property, Brgy Sampaloc 4, Dasmarinas City dahil sa tinamong mga saksak sa katawan.

Arestado naman ng mga rumespondeng barangay tanod ang suspek na si Armando Escober, 59, binata, at kapitbahay ng mag-ama.

Sa ulat ni Corporal Aaron John Golo, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-9:20 ng umaga nang nagtungo ang suspek sa bahay ng mag-ama.

May lilinawin umano ang suspek sa matandang Fortun pero ang pag-uusap ng dalawa ay humantong sa mainitang pagtatalo.

Kasunod ay naglabas ng patalin ang suspek at pinagsasaksak ang matandang Furton.

Nakita naman ng anak ang pangyayari kaya tinangkang saklolohan ang ama subalit siya naman ang inatake ng saksak ng suspek.

Isinugod ang mag-ama sa ospital at sinusulat ito ay sasailalim sa operasyon ang dalawa dahil sa mga tinamong saksak sa katawan. **GENE ADSUARA**



**KALABOSO** ang suspek na si Orlando Sebastian, ng Brgy. Tambo, nang makunan ng isang deadly weapon at 3 pirasong plastic sachet ng shabu sa Brgy. La Huerta. Paranaque City. Ang mga arresting officer ay sina PMSG. Marlon Landicho at PCpl Adrian Manatad, kapwa ng PCP -3 sa pamumuno ni P/Major Elizaldy Matulac. **(JIMMY HAO)**

# Lady cop, sugatan

**SUGATAN** ang isang policewoman nang bumangga ang minamaneho nitong motorsiklo sa isang sasakyan na biglang nag-u-turn sa Silang, Cavite.

Ginamot sa Silang Specialist Medical Center ang biktimang si Corporal Pinky Cammayo, nakatalaga sa Cavite PPO PIDMU at residente ng Brgy Mambog 1, Bacoor City, Cavite habang hawak ng pulisya ang driver ng isang Mazda 3 Sedan na may plakang ZEA 248 na si Jaspher Andrew Agoncillo , 22, data analyst, ng Brgy Lalaan 1st, Silang.

Sa ulat ni PSSgt Aries Mendoza, ng Silang Municipal Police Staion, kapwa binabagatas ng biktima at suspek ang Aguinaldo highway patungo sa direksiyon ng Tagaytay City dakong alas-5:10 ng hapon kung saan nauna ang minamanehong Mazda ni Agoncillo pero pagsapit sa Brgy Lalaan 1st ng nasabing bayan ay bigla itong nag-u-turn.

Dahil dito ay hindi na nakontrol ng biktima ang kanyang motorsiklo kaya bumangga ito sa sasakyan ni Agoncillo dahilan ng kanyang pagkakasugat at isugod sa ospital habang ang driver ng Mazda ay dinala sa pulisya. **GENE ADSUARA**

# Hontiveros pushes mandatory testing for employees returning to work under modified ECQ, GCQ

"**IF** we can commit to test POGO workers, we can commit to test Filipino workers."

This was the remark of Senator Risa Hontiveros on Wednesday as she pushed for mandatory testing of employees who will have to go out of their homes and report to work even amid the outbreak of the 2019 novel coronavirus disease or COVID-19.

"Kasama dapat sa dagdag-proteksyon sa manggagawang Pilipino na balik-trabaho sa gitna ng pandemic ang proper testing," Hontiveros said after Malacañang announced the lifting and easing of quarantine protocols in many parts of the country by May 16, 2020.

Under the new rules, movement and mobility in areas still under modified Enhanced Community Quarantine (ECQ) like Metro Manila will remain restricted, although manufacturing and processing plants workforce will be allowed to operate with 50 percent of their workforce. In areas under general community quarantine (GCQ), government offices and private establishments will be allowed to reopen with as much as 75 percent of their workforce.

"If we can require COVID-19 testing for POGO workers, all the more that we should require the same for Filipino workers who are facing the same risks," the senator said, citing the government's previous pronouncement that workers in the Philippine Offshore Gaming Operators (POGO) industry will undergo COVID-19 testing before they resume operations.

"While we want working class Filipinos to continue earning a living and critical industries to remain operational, we must implement measures to prevent a possible second spread of COVID-19 in workplaces," Hontiveros urged. According to the senator, mandatory COVID-19 testing for returning employees is an essential measure to protect Filipino workers and lessen the risk to which they will be exposing themselves and their families.

Although the Department of Labor and Employment (DOLE) and Department of Trade Industry (DTI) have issued safety guidelines for workplaces, Hontiveros said, the rules provide no means to detect and isolate workers that are infected with COVID-19 but show no symptoms.

"Kailangan nating magdoble-ingat. Kahit walang simtomas, maari pa ring carrier ng COVID-19. This is why we need to test people as they go back to work," she said.

Hontiveros also pushed for the passage of Senate Bill No. 1441 or the 'Balik Trabahong Ligtas Act' that seeks to provide mandatory health coverage and other benefits for workers in the public and private sectors during a health emergency. The bill particularly requires workplaces with 50 or more workers to provide free diagnostic testing for their workers during a health emergency in coordination with relevant government agencies.

"The private sector and the government should work together to build disease-free workplaces by implementing measures that protect Filipino workers' health such as wearing PPEs and implementing social distancing and other workplace safety guidelines," she urged. **PR**

# 8 katao, arestado sa 'bato'

**WALO** katao ang arestado sa isinagawang buy bust operation ng pulisya na nagresulta sa pagkakasamsam sa mahigit P200K halaga ng shabu sa Bacoor City, Cavite.

Kasong paglabag sa RA 9165 thru drug buy bust operation ang isinampa laban sa mga suspek na sina Eduardo Ocampo, Jr., 47, ng Blk 1, Lot 10, Lychee St., Phase 3, West Camella Springville, Brgy. Molino 3, Bacoor City; Irish Momsalud y Sangalang, 35, call center agent, ng Blk 31, Lot 10, Mt. Sinai St., Christian Vill Subd., Brgy. Talon 5, Las Piñas City; Edmun Gonzales, 36, ng Nazareth Cmpd., Springville Camella, Brgy. Molino 3, Bacoor City; Rodelio del Rosario, 52, ng Blk 15, Lot 16 Goergia St., Phase 9, ACM Subd., Brgy. Alapan 1A, Imus City; Narciso Reyes, Jr. y Quinto, 38, ng Blk 27, Lot 3 Mainroad West 3, Camella Springville Subd., Brgy. Molino 3, Bacoor City; Niño Ponce, 20, ng Blk 10, Lot 12 Strike Vill 2, Brgy. Queensrow East, Bacoor City; Emerson Ocampo, 32, ng Blk 1, Lot 10 Lychee St., Phase 3 West Camella Springville, Brgy. Molino 3, Bacoor City; at Erickson Ocampo, 32, ng Blk 1, Lot 10 Lychee St., Phase 3 West Camella Springville, Brgy. Molino 3, Bacoor City.

Sa ulat ni PSMSgt Christian Rosales, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-5:40 ng hapon bago ang ipinapairal na curfew ay nagsagawa ng buy bust operation sa Bock 1 Lot 10 Lychee St., Phase 3 West Camella Springville Brgy Molino 3, Bacoor City, kung saan target ang mga suspek at nagresulta sa pagkakasam ng tinatayang 34.38 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P233,744.00 at drugs paraphernalia.

Ang mga suspek ay ikinulong sa Bacoor City Custodial Center. **GENE ADSUARA**

# PROCLAMATION NO. 939 DECLARES BACOOR THE MARCHING BAND CAPITAL OF THE PHILIPPINES

**BACOOR CITY, Cavite (PIA) -- The city has been declared as 'The Marching Band Capital of the Philippines' through the recent signing of Proclamation No. 939 by President Rodrigo Duterte.**

The Proclamation stated the President recognized the city as the "birthplace" of the oldest living marching bands in the Philippines and has stayed as the "home of community marching bands" and school-based drum and lyre corps, among others.

Marching Bands had been a part of the local history, and local traditions of the city as they provide musical entertainment on sociocultural events like baptism, weddings, birthdays, and even funerals.

To keep this tradition alive, the City of Bacoor has been holding Musiko: The Grandest Marching Band Competition in the Philippines since 2011 and sustained this through school-based drum and lyre corps with the assistance of the Department of Education (DepEd).

Likewise, the City of Bacoor Special Program for the Arts was launched in 2016 as a culture and arts program conceptualized to develop the potential of local elementary and high school students in marching band music.

Since then, more than a 100 young Bacooreños have undergone workshops and trainings under various well-known maestros and trainers in the industry. Now, there are more than 30 outstanding drum and lyre corps performing in the Drum & Lyre Parade and Drill Competition every September.

Furthermore, the city government has been supporting its 15 active community marching bands by granting financial assistance annually.

In 2018, the city entered the international scene by inviting contingents from different parts of Asia to participate in the City of Bacoor International Music Championships, which the city also hosted. The competition had been a success for the city for being able to stage a week-long global event and to the country as the event showcased the Filipinos excessive musical talents as well as the Bacooreños innate artistry.

Through the concerted efforts of Bacoor Tourism Office, the National Commission for Culture and the Arts (NCCA), National Historical Commission of the Philippines (NHCP), Department of Tourism (DOT) IV-A and the Office of Rep. Strike Revilla and other government agencies, a presentation for the endorsement of the said recognition was brought to Malacañang on September 2019.

The signing of the proclamation was a momentous event for the city because it is not only a triumph for the city but a victory for the students and teachers for their dedication, hardwork and passion for music. (Ruel Francisco, PIA-Cavite with reports from the official FB page of the City of Bacoor Tourism Office)

# Stranded Bacooreños assisted to return home

**BACOOR CITY, Cavite (PIA)** --The city government here through the Bacoor Tourism Office assisted 14 residents to return home after being stranded for several months in the different provinces in the country due to the declaration of enhanced community quarantine (ECQ).

Out of the 14 stranded domestic tourists from Bacoor, about 12 were stranded in Cebu while two stayed in Palawan.

They arrived safely at the Ninoy Aquino International Airport (NAIA) where they were immediately subjected to COVID-19 rapid testing which resulted negative of the virus. They are now under the 14-day home quarantine and being monitored by the Barangay Health Emergency Response Team (BHERT) in their respective barangays.

Meanwhile, five Bacooreño balikbayans from Canada who were also caught up in the ECQ were able to return home on May 4, 2020.

The safe return of the stranded domestic tourists and even of balikbayans is part of the local government's program upon the directives of Mayor Lani Mercado-Revilla thru the Bacoor Tourism Office headed by Edwin Guinto and the City PESO with led by Dr. Abraham de Castro in coordination with the Department of Tourism.

There were several batches of Bacooreño returnees that had been assisted by the local government since the start of May 2020. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite with reports from the official FB page of Bacoor Tourism Office)**

# SC urges court personnel to observe 'cyber hygiene'

**MANILA** – Supreme Court Chief Justice Diosdado Peralta asked on Wednesday judges and court workers to observe proper "cyber hygiene".

In his first webinar titled "The New Normal: Cybersecurity in a Covid-free, malware-free Judiciary", Peralta said protecting data in the age of information communication technology is a shared responsibility.

"While we continue to heed the advice of our health professionals to observe good personal hygiene to protect ourselves from this virulent virus, I likewise encourage everyone to practice proper cyber hygiene to protect ourselves from being infected with computer viruses, worms, and other malware," Peralta said.

The webinar was launched following the recent rollout of the Philippine Judiciary 365, which has enabled all court stations nationwide to "receive pleadings electronically and select courts in key cities to conduct video conferencing hearings".

Around 6,000 judges and other court workers joined the webinar that tackled cyber threats and trends, red flag indicators, and security and safety when working from home.

"Everyone has a role to play, cyber threats change quickly and we need to adapt to them quickly as well," Peralta added.

The event organized by the Office of the Chief Justice (OCJ) in coordination with the Office of the Court Administrator (OCA) and the Philippine Judicial Academy (PHILJA), was hosted on the Judiciary 365 platform.

The SC earlier started pilot testing of videoconferencing or "tele-hearing" nationwide to protect court officials, personnel, and parties from the coronavirus disease 2019 (Covid-19) with stations in Baguio City, Dagupan City, Metro Manila, Cebu and Cagayan de Oro.

Aside from videoconferencing, the High Court has also allowed the e-filing of complaints, petitions for bail as well as the submission of requirements for bail in order to minimize physical contact. **(PNA)**

# DOST-LSPU IDD lab develops more than 1.2K PPEs for Laguna frontliners

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA)** --The Department of Science and Technology-CALABARZON together with the Laguna State Polytechnic University (LSPU) San Pablo through the Ideation, Design, and Development (IDD) Laboratory have joined forces to help in the battle against COVID-19.

The DOST-LSPU IDD Lab has developed a total of 1,240 PPEs composed of 600 bent acrylic face shields, 610 safety gown suits made from poly microfiber (blue) and water repellent microfiber (white) fabric, 20 aerosol boxes, and 10 ventilator valves.

These PPEs have reached several hospitals and frontliners in the province of Laguna including HealthServ Los Baños Medical Center, Los Baños Municipal Health Office, San Pablo City Medical Society, San Pablo Community Quarantine Facility, Office of the Civil Defense IV-A, and for the DOST VCO Clinical Study in Sta. Rosa Community Hospital.

"Seeing the increasing demand of PPEs for the frontliners responding to this COVID-19 pandemic, we saw an opportunity to tap the resources and adjust the functions of this laboratory to address the present needs and situation of the community," said by DOST-CALABARZON Regional Director Alexander R. Madrigal on how they arrived on this initiative.

With the completion of the project's deliverables, that even surpassed the targets, an on-going survey to evaluate the level of acceptability of the produced PPEs is now being conducted. The recipients of these PPEs will evaluate their satisfaction in terms of quality, usability, safety, and aesthetics of the face shields, safety suits, aerosol boxes, and ventilator valves. The results will help the DOST-LSPU IDD Lab team to assess the outputs and note the improvements to be made in the next production.

The DOST-LSPU IDD Lab is a special laboratory which makes use of 3D printers to facilitate product development, design, and prototype. Originally intended for local designers and potential technopreneurs, the DOST-LSPU IDD Lab has now ventured into serving a different customer- answering the call of service in these trying times. This also led the LSPU to gain experience and confidence in the production of PPEs paving the way for their submission of a proposal to CHED in the amount of Php 466,050 for the production of PPEs intended for the frontliners. **(PIA-4A/ DOST CALABARZON)**

# Priest cites the power of prayer to end Covid-19 outbreak

**MANILA** – A priest has urged the faithful to pray daily, particularly the Rosary, to help end the global coronavirus disease (Covid-19) outbreak.

In an interview, Rev. Fr. Carlos V. Reyes of the Our Lady of Fatima Parish Church in Mandaluyong City cited two instances in the history of the church on how the power of prayer stopped the spread of a plague that hit Europe in 599 A.D. and 1580.

Then Pope Gregory the Great, who later became a saint, led a prayer procession in Rome, Italy to ask God to stop a deadly virus that hit Europe.

"During the long procession, the Pope Gregory stopped upon reaching a museum when he saw an angel above cleaning a sword after which the Angel put the sword back into the scabbard," Fr. Reyes said based on what he read in the church historical records.

Asked if other people in the procession saw the angel, Fr. Reyes said, "no, only the Pope".

"The appearance of the angel was a sign to an end of the pandemic in Italy and the whole of Europe," Reyes said.

He said the 1580 pestilence that broke out in Milan, Italy forced the closure of all churches "similar to what is happening today when churches across the globe have been closed due to the coronavirus".

Fr. Reyes said during that dark period, it was "St. Charles Borromeo, who was then the bishop of Milan, led a prayer offering during a Mass to plead to God to put an end to the deadly plague".

"Since the church was padlocked, Bishop Borromeo ordered the setting up of an altar in the plaza and put up four crosses on it where the Holy Mass was held," he said.

"Shortly thereafter, God answered their prayers and the pandemic disease stopped," he added. **(PNA)**

# Landbank shares ATM safety tips

**PASIG CITY (PIA)** – Here are some safety tips given by the Land Bank of the Philippines (LandBank) in maximizing the use of automated teller machines (ATM) amid the public health emergency and strict physical distancing brought by COVID-19.

In using ATMs, the LandBank said, it is important to keep physical distancing from other users and to stay sanitized at all times.

If possible, avoid touching parts or areas of the ATM.

The bank advised that, if you are not feeling well or sick, opt to use alternative digital banking channels for your transactions.

The LandBank is also encouraging the public to take necessary precautions in order to keep not only your bank and financial transactions safe but your health, as well.

The LandBank is a universal bank in the Philippines owned by the Philippine government with a special focus on serving the needs of farmers and fishermen. **(PIA-NCR)**

# INDOOR SUMMER FUN AT TOY KINGDOM

**With more kids staying home this summer, it's the perfect opportunity to take a break, rest and spend some quality time with the whole family. Stay at home and let Toy Kingdom bring the fun into your doorstep with their wide variety of amazing toy finds now available for purchase at Lazada.**

Little chefs will love the Kid's Dough Cooking Set, Ice Cream Set and Motion Air Sand Deluxe Cookie Maker. Ryan's World Treasure Chest, on the other hand, will surely thrill the little pirates.

Keep your kids' minds creative and inspired with games from Cogo in city and farm themes. Board games like Uno, Monopoly, and Pictionary Air are great for family bonding and fun; while table games like Air Spring's pinball shoot and air soccer will keep kids active and sporty.

*Aspiring little chefs will surely love this Kid's Dough Cooking playset from Toy Kingdom. Available at*




Tech-savyy kids, on the other hand, can also enjoy an ultimate home entertainment experience with Toy Kingdom's PS4 mega pack and various home video games.

Experience an enjoyable summer fun at home with these toys from Toy Kingdom. Check out these amazing finds and more available at https://www.lazada.com.ph/ and wait for your items to be delivered right into your doorsteps. Also, don't forget to stay home to help in the fight against COVID-19.

For more updates visit www.toykingdom.ph and follow ToyKingdomPH at Facebook and Instagram.

*Let your kids create sweet desserts with Kid's Dough Ice Cream playset from Toy Kingdom.*




Tech-savyy kids, on the other hand, can also enjoy an ultimate home entertainment experience with Toy Kingdom's PS4 mega pack and various home video games.

Experience an enjoyable summer fun at home with these toys from Toy Kingdom. Check out these amazing finds and more available at https://www.lazada.com.ph/ and wait for your items to be delivered right into your doorsteps. Also, don't forget to stay home to help in the fight against COVID-19.

For more updates visit www.toykingdom.ph and follow ToyKingdomPH at Facebook and Instagram.

*Keep your kids' mind active with this Cogo's City playset. Available at Lazada.*

EXCLUSIVE








*Your kids can play it cool this summer with the Motion Air Sand's Ice Cream Maker. Available at Lazada.*




*Groom your own little pet with Crayola's Scribble Scrubbie Salon Set from Toy Kingdom*




*Enjoy your PS4 with this various home video games available now at Lazada.*










*Farming is more fun with Cogo's farm themed playset from Toy Kingdom.*

EXCLUSIVE




*Ryan's World Treasure Chest will bring fun and adventure to young pirates. available at Lazada.*

EXCLUSIVE







*Air Spring's Air Soccer table game will keep your kids active and entertained. Available at Lazada.*




*An enjoyable home entertainment awaits kids and kids at heart with Toy Kingdom's PS4 Mega Pack which includes three bestselling games and three-month subscription to PS4 plus. Get yours now at Lazada.*

*Classic board games like Monopoly and Pictionary air will bring hours of fun to the family.*



# LGU, TRIBAL LEADERS, MILITARY CONDEMNS ATTACK ON 'EXTREMELY ISOLATED' TRIBAL VILLAGE

**ASUNCION, DDN – Barely two (2) months after the CPP-NPA attacked Sitio Tapayanon in Barangay Gupitan, Kapalong, Davao del Norte, the same communist-terrorist group launched yet another attack on the extremely isolated Ata Manobo tribal community where troops of the Philippine Army's 60th Infantry Battalion are currently conducting their Community Support Program (CSP).**

The attack transpired yesterday morning while the 60IB's CSP Team and members of the tribal community were going about their daily routine which includes village meetings, tending to individual and communal gardens, and the repair and rehabilitation of some houses and village facilities along other community-building initiatives.

As before, the 60IB troops were able to immediately counter the communist-terrorists' attack and protected the community during the ten-minute firefight that ensued. 60IB's position was made even more advantageous by the close air support provided by the Philippine Air Force's Tactical Operations Group 11 based in Davao City.

Since the last attack in Tapayanon, the military and the villagers have become more vigilant; and 60IB has since levelled-up the village's defense system.

No government troop or civilian was hurt during the incident.

Kapalong Mayor Maria Theresa Timbol recently released the LGU's official statement condemning the CPP-NPA's "total disregard [for] human life" and "traitorous act of cowardice and treason." Timbol, through the statement, also reassured the public that the government will continue to "safeguard […] all Kapalongians against the desperate attempt of the CPP-NPA to terrorize innocent lives. [And] strongly enforce President Rodrigo Roa Duterte's Executive Order No. 70 […] with bravery and patriotism."

In a similar tone, the Tribal Council of Sitio Tapayanon thru the Office of the Municipal Tribal Affairs of Kapalong released Resolution 01-2020 which also condemned the CPP-NPA's terroristic act while calling for a deserved "legal action and justice … for the innocent inhabitants of the sitio."

Per 60IB's assessment, the attack may have been a simple "nuisance harassment" meant only to scare the villagers and dissuade them from continuously supporting the government.

It may also be the retaliation of some splinter group of the CPP-NPA who has been taking blow after blow of defeats in these very boundaries where 60IB and other AFP units continue to relentlessly conduct their operations.

Recent government reports imply the serious degradation of the CPP-NPA's forces with some whole Guerilla Fronts being categorized "weakened" or totally declared "dismantled" by the different AFP units.

"WE SHALL PERSIST IN THIS FIGHT."

Meanwhile, 60IB together with the Local Government Units of Kapalong and Davao del Norte and their partner National Government Agencies continue to implement their respective development plans and programs for the village.

60IB Commander, Lt. Col. Ronaldo Sarmiento reports that since the "discovery" of Sitio Tapayanon, several interventions—such as the initiation of sustainable food production and farming, conduct of health/medical and hygiene and sanitation activities, enrolment to social welfare programs and emergency employment schemes, the establishment of a DepEd Extension (Annex) School, and the continuing opening of access/farm-to-market roads thru both local and national agency funding; have already been initiated by various agencies and benefactors.

"We are doing good and this is certainly hurting them [CPP-NPA]. Because as we 'slowly but surely' rid of Tapayanon's social, cultural, and economic poverty we are also ripping the CPP-NPA off an entire community and some generations of potential communist-terrorist recruits who they hope would continue to advance their evil intentions and ideologies. We shall persist in this fight and ensure that it will be our communities who will emerge the victors in the end," Sarmiento added. **PR**

# 140 magsasaka makikinabang sa 'expanded sure aid'

**SAN JOSE, Occidental Mindoro (PIA)** -- Isandaa't apatnapung (140) magsasaka ng bayang ito ang makikinabang sa programang Expanded Survival and Recovery Aid (Sure Aid) o Sure COVID-19 financing program ng Department of Agriculture (DA), ayon sa Municipal Agriculturist Office ng bayang ito.

Paliwanag ni Romel Calingasan, OIC-MAO, sa ilalim ng Expanded Sure Aid, ang bawat isa sa mga napiling magsasaka ay pahihiramin ng Agricultural Credit Policy Council (ACPC) ng P25,000 na babayaran sa loob ng 10 taon ng walang interes.

"Sa ating lalawigan, ang Occidental Mindoro Cooperative Bank (OMCB), ang kooperatibang magpapaluwal ng pera dahil sila ang napiling conduit ng ACPC," ani Calingasan.

Ang ACPC ay attached agency ng DA na katulong sa pagsasaayos ng mga programa at polisiya sa pagpapautang ng Kagawaran.

"Malaking tulong ang ipapahiram na pera sa Expanded Sure Aid," ayon pa sa opisyal, at aniya'y dapat gamitin lamang upang tugunan ang mga pangangailangan sa gawaing bukid o sa gawaing pangingisda. Sinabi pa ni Calingasan, na lagi niyang ipinapaalala sa mga lokal na magsasaka't mangingisda na samatalahin at gamitin ng tama ang mga tulong mula sa pamahalaan.

Inilahad din ni Calingasan na ang mga napiling benepisyaryo ng programa ay mga nabibilang sa marginalized sector. "Sila iyong may pag-aari at sinasakang lupa na hindi hihigit sa tatlong ektarya at sa ating mga mangingisda naman ay may bangka na ang timbang ay hindi hihigit sa tatlong tonelada," paglilinaw ng tagapamahala ng MAO San Jose. Dapat din aniyang walang production loan sa alinmang institusyon na nagpapautang ang nasabing mga benepisyaryo.

"Marami ang interesado subalit 140 katao lang ang itinakda ng DA na makabilang sa programa, kaya pumili tayo mula sa mga agricultural barangays ng ating bayan," saad pa ni Calingasan. Aniya, naging basehan sa pagtukoy ng mga benepisyaryo ay kung sino ang mga magsasakang naapektuhan ang mga pananim ngayong tag-init at ang mga hindi nakapagbenta ng produkto dahil sa community quarantine sanhi ng Coronavirus Disease (COVID-19).

Binanggit din ng opisyal na sa kasalukuyan ay inatasan na ng kanilang tanggapan ang mga benepisyaryong magsasaka na isaayos na ang mga dokumentong kailangan upang ma-proseso na ng OMCB. Ang mga ito ay: filled-out application form mula OMCB, dalawang kopya ng government ID, tatlong 1 x1 photo, sertipikasyon mula Barangay at sertipikasyon ng MAO na ang aplikante ay nakatala sa Registry System for Basic Sectors in Agriculture **(RSBSA). (VND/PIAMIMAROPA)**

# Pagdura sa mga pampublikong lugar bawal na sa Romblon

**ODIONGAN, Romblon (PIA)** -- Bawal na ang pagdudura sa mga pampublikong lugar sa buong lalawigan ng Romblon, alinsunod sa ordinansang ipinasa ng Sangguniang Panlalawigan nitong Mayo 5.

Ang nasabing ordinansa na ipinanukala ni Atty. Rachel Bañares ay naglalayong masiguro na hindi kakalat ang COVID-19 at iba pang sakit na napapasa sa pamamagitan ng pagdura.

Ang mahuhuling lalabag sa Ordinance No. 01-2020 ng Sangguniang Panlalawigan o ang Anti-Spitting Ordinance ay bibigyan ng citation ticket at pagmumultahin ng P1,000 hanggang P2,000.

Inaatasan ng Sangguniang Panlalawigan ng Romblon ang Philippine National Police na mahigpit na ipatupad ang nasabing ordinansa.

Maliban sa Anti-Spitting Ordinance, nagpasa rin ng ordinansa ang Sangguniang Panlalawigan kung saan nagbibigay ng parusa sa mga mapapatunayang magbibigay kahihiyan, mananakot sa mga health workers; frontliners; at mga pasyenteng kumpirmado o hinihinalang may COVID-19.

Penalidad naman mula P1,000 hanggnag P2,500 naman ang maaring ipataw sa lalabag sa nasabing ordinansa. **(PJF/PIA-Mimaropa)**




# GENSAN SPECIAL, NAGPAKITA NG GALING!

Nagpakita ng galing at diskarte sa pananakay ang hineteng si Ayie Tancioco sa ibabaw ng kabayong si Gensan Special matapos na nakapanood ng mainitang bakbakan sa harapan nung tatlong nakalaban nilang sina Boston Strong ni Archie Manabat, Dalagang Bukid ni Dennis Camañero at Wessfacckol ni Roque Tenorio.

Nakasabayan nilang nagparemate papasok sa 600 meters ang dala ni Gilbert Mejico na si Daldalero, subalit sa ganda ng itinakbo ni Gensan Special ay hindi rin nakayanan ng sakay ni Gilbert.

Sorpresang nasegunda sa karerang iyan ang nanggaling sa likuran na si Sharp Return ni Brix Fulgencio.

Kapansin pansin sa karerang iyan papasok sa huling 200 meters nung nagkasabayan na nagparemate ang dala nina Ayie at Gilbert ay tila hindi naging maganda ang inihakbang ng kabayong si Daldalero, na parang bumaba o umikli ang hakbang at tila napipilitan na lamang sa pagpapatakbo sa kanya.

Sa sumunod na takbuhan ay nakadehado ang kabayong si Dominatore sakay ng hineteng si King Flores matapos na tila naging nag- iisang kalaban lamang sa karerang iyan na si Love Affair ni Toper Garganta hanggang sa matapos ang takbuhan, pumangatlo ang isa pang dehado na si All For Mama ni Roque Tenorio.

Ang isa sa mga naging paborito sa karerang iyan na si Baisakhi ay dikit na pumanglima sa dating matapos na galawan at parematehin ng kanyang hineteng si Lester De Jesus kung kailan papasok na lamang sa huling 400 meters ng laban. Samantala, nakaiskor naman ng panalo ang kabayong si Kingship na nirendahan ni Danny Boy Camañero matapos na masilat ang paboritong kabayo na si My Jopay na sinakyan ni Amon Raquel Jr. matapos na sa kauna- unahang pagkakataon ay hindi naging maganda ang salida mula sa paglabas sa aparato.

Ang opinyon ng mga kareristang nakapanood sa karerang iyan ay lumang tugtugin na ang kasabihan na "naiwan o naantala sa largahan sabay hahabol at sasabihing galing na sa hirap" dahil sa klase ng kalidad ni My Jopay at sa grupo ng nilabanan ay hindi sila sang- ayon sa nangyari at maraming karerista ang nadismaya.

# Inanunsyo ng FIBA ang petsa para sa World Cup 2023

**Inihayag ng FIBA na ang Basketball World Cup 2023 ay magaganap sa tatlong magkakaibang bansa, kabilang ang Pilipinas, mula Agosto 25 hanggang Sept.10.**

" Ang naaprubahan na mga petsa ng kumpetisyon ay napagpasyahan ng Central Board ng FIBA kasunod ng konsultasyon sa mga bansa ng host at isang rekomendasyon ng Komisyon sa Kumpetisyon ng FIBA, " sinabi nito kamakailan.

Ito ay sa kauna-unahang pagkakataon na gaganapin ang World Cup sa higit sa isang bansa.

Ang mga grupo ay magaganap sa Indonesia, Japan, at Pilipinas, habang ang kabisera ng Pilipinas na Manila ay magho-host sa huling yugto.

" Ang FIBA Basketball World Cup 2023 ay muling magtatampok sa 32 pambansang koponan mula sa buong mundo, kasama ang pinalawak na format na pinagtibay para sa FIBA Basketball World Cup 2019 sa China, ang pinakamalaking kaganapan ng FIBA hanggang ngayon, " ang pahayag na idinagdag.

Noong Hunyo 2017, ang Pilipinas, Indonesia, at Japan ay iginawad sa mga karapatan sa pagho-host para sa paligsahan, na nanalo laban sa Argentina, Uruguay, Russia at Turkey.



**FIBA WORD CUP -** Ilan lamang sa maaksyong tagpo sa pagitan ng team Philippine at Australia sa kanilang paghaharap ng FIBA World Cup 2017 sa Philippine Arena. **(RGN)**

# Over all Gold Medalist

Ang PSC ay nagsasagawa ng webinar ng kalusugang pangkaisipan para sa mga coach ng koponan ng nat

Sa mga pagsubok na ito, ang kamalayan sa kalusugan ng kaisipan ay gumaganap ng isang mahalagang papel upang matulungan ang mga tao na makayanan ang iba't ibang mga epekto ng coronavirus disease (Covid-19) sa buhay ng isang tao tulad ng stress, takot, trauma, depression, at pagkabalisa.

Ito ang mga isyu na sinubukan ng Philippine Sports Commission (PSC) na matugunan sa pamamagitan ng pagho-host ng isang libreng webinar (isang online seminar) na pinamagatang, "Pagpapanatiling Mental Health In-Check: Paano maiiwasan ng tama ang Pandemya" na inayos ng Sports Psychology Unit.

Ang online seminar na naglalayong turuan ang mga pambansang coach ng koponan kung paano nila malalampasan ang sitwasyon at stress na dinala ng kasalukuyang krisis sa kalusugan. Nagbigay din ang webinar ng mga payo sa kung paano makikipag-ugnay at makipag-ugnay sa kanilang mga atleta, na madaling kapitan ng parehong trauma din sila ay nakalantad sa panahon ng pandemyang ito.

"Ito ang pinakamahusay na platform para sa PSC upang matiyak na ang ating pambansang coach at mga atleta ay malusog sa kaisipan sa mga mapaghamong araw na ito," sabi ni PSC Chairman William Ramirez.

Naniniwala rin si Ramirez na maraming mga aralin sa buhay na pag-isipan sa panahon ng krisis sa kalusugan na ito.

"Nag-aalala ako tungkol sa aming mga atleta at coach kaya't talagang itinulak ko ang aming pangkat ng medikal na aktibong subaybayan at tulungan sila sa mga paraan na magagamit sa amin sa ECQ na ito," sabi ni Ramirez.

Ang una sa isang serye ng mga webinar ay co-anchored nina Dr. Cely D. Magpantay at Dr. Rodel P. Canlas ng PSC-MSAS Sports Psychology Unit at live-stream sa Facebook noong Mayo 8.

Ang pagsisikap ng PSC ay suportado ng mga kasosyo nito, Pagcor, Milo, at Pocari Sweat.






**ANG** koponan ng Philippine sa pangunguna ni PSC Chairman William Ramirez sa ginanap na closing ceremony ng 2019 Sea Games sa New Clark City kung saan over all Gold Medalist ang bansa. **(RGN)**

# Opisyal na nakansela ang 10th Asean Para Games

Ang Asean Para Sports Federation (APSF) ay nanawagan para sa kabutihan ng ika-10 Asean Para Games (APG) bilang host country na Pilipinas ay nananatili pa rin sa epekto ng coronavirus disease 2019 (COVID-19) pandemya.

Sa isang pahayag, opisyal na inihayag ng pangulo ng APSF na si Osoth Bhavilai ang pagkansela ng Para Game, na na-post ng dalawang beses dahil sa Covid-19.

"Kaugnay ng desisyon ng Philippines Sports Commission (PSC) mula sa Republika ng [Pilipinas], nanghihinayang, nais kong sabihin na ang 10th Asean Para Games ay kanselahin na opisyal," pahayag ni Bhavilai.

Tinutukoy niya ang pagpapasya sa PSC na bawiin ang karagdagang suporta sa pinansyal para sa APG hosting.

"Pinapakinggan namin ang panawagan ng pambansang pamahalaan na bawasan ang mga gastos habang naghahanap ng iba pang lunas at upang labanan ang pandemya, ngunit naninindigan din kami sa aming pangako na panatilihin ang pagsuporta sa mga miyembro ng pambansang koponan," sabi ni Butch Ramirez sa isang pahayag noong Abril, pagdaragdag na ang PSC ay magbabayad pa rin ng paunang gastos sa operasyon para sa nasabing pagho-host.

Sa kabila ng pagkansela, sinabi ni Bhavilai na iginagalang ng APSF ang desisyon ng PSC na ilipat ang pokus nito sa pagtulong sa pagkontrol sa Covid-19 sa Pilipinas.

"Nais naming pasalamatan ang APSF sa Pilipinas sa lahat ng pagsisikap na ginawa bago ang mga laro para sa paghahanda. Pinahahalagahan namin kung bakit kailangang gawin ang nasabing desisyon," patuloy niya.

Samatala tinukoy nito ang bilang Pilipinas ay mayroong 11,086 nakumpirma na Covid-19 kaso na may 1,999 na recoveries at 726 na namatay.

Ang Vietnam, na nakontrol na ang pagkalat ng Covid-19, ay magho-host sa susunod na APG sa susunod na taon.




# SUKLI SA PAGMAMAHAL SA KANYANG INA NI IVANA ALAWI



**ANG ina ay ina, hindi matatawaran ang lahat ng sakripisyo ng isang nanay para sa kanyang anak o mga anak.**
**Sinasabi nga na mayroong mga anak na magagawang tiisin ang kanilang anak.**
Pero ang isang ina ay never, sabi rin ay lahat ay gagawin ni nanay para sa supling.
Kaya naman nakakatuwa na marami pa rin talagang anak o mga anak na kinikilala ang kadakilaan ng ina nila.
Kagaya ng sexy actress na si Ivana Alawi, may nakalaan siyang sukli para sa inang nagbigay sa kanya ng buhay.
Sinusulat ito ay nabanggit ni Ivana ang pagbili ng bahay para sa inang si Fatima Marbella.
Isang Moroccan national ang tatay ni Ivana at doon siya namalagi.
Nang maghiwalay ang mga magulang ay nanirahan ang sexy actress sa kanyang ama.
Pero nang magsimula ng magdalaga ay muling bumalik ng Pilipinas si Ivana.
Way back sa panahon ng kabataan, si Ivana ay masasabing tipong bad girl o may kapilyahan.
Iyon bang tila hindi patatalo o padadaig, 'yosi at alak ay carry niya.
Nagbabago naman ang lahat, I mean when it comes to image type.
Good thing ay wala ng 'yosi and even alak kay Ivana, isa sa magandang changes sa kanya.
Eh ano ba sa ngayon si Ivana? Well, isa lang namang YouTube sensation si Ivana.
Nakakabilib nga dahil in short period of time ay may mahigit anim na milyong subscribers na siya.
Meaning, pumapasok ang kanyang monthly income sa mga video niya mula sa YouTube.
Simula nang maging sensasyon sa You Tube, ang mga pumapasok na pera ay hindi nagagalaw.
In short, naiipon ni Ivana ang kanyang income at iyon ang gagamiting pambili ng bahay para sa nanay.
Nakaka-proud ka Ivana, maghandang sukli iyan para sa pagmamahal sa iyong ina.

@@@

## BAHAY NG ISANG NANAY, PINAGAWA NI MARCELITO

Bahay din lang naman ang paksa, isa rin sa kahanga-hanga ang Filipino singer na si Marcelito Pomoy.
Sa pananalasa ng covid-19 ay aktibo si Marcelito sa pagtulong sa ating mga kababayan thru relief operations.
Sa pamamagitan ng isang post sa facebook ay nakarating sa kaalaman ni Marcelito ang sitwasyon ng isang nagngangalang Nanay Aurora.
Si Nanay Aurora ay solong nakatira sa isang bahay na mistulang banyo at halos tumba na.
Bilang dating palaboy ay kinurot ang puso ni Marcelito kaya naman gumawa siya ng aksiyon.
Pinagawa ni Marcelito ang bahay ni Nanay Aurora at sa loob ng apat na araw ay natapos ito.
Maayos na ngayon ang kalagayan ni Nanay Aurora, na ang naging pakiramadam ni Marcelito ay parang ina niya ito.
Panawagan ni Marcelito na dahil nasa pandemya tayo ay ipakita at ibigay ang tulong sa mga nangangailangan lalo at nakakaangat naman sa buhay.
Korek ka riyan Marcelito!




**(12)**

**NAKATULOG** uli si Mikel at hindi naman na siya muling nanaginip pa.
Kinabukasan sa hapagkainan habang nag-aalmusal ay nagkuwento na naman si Mikel sa kanyang lola.
"Pwede naman, siguro nga ay 'yun ang gawin natin. Baka naman sakaling makatulong."
Palagi naman kasabay ng maglola sa pagkain si Lea, na nagbigay ng suhestiyon sa matanda.
Balak ni Lea ay pupuntahan ang isang eksperto na maaaring makapagbigay ng enterpretasyon sa nararanasang panaginip ni Mikel.
Sang-ayon naman ang matanda sa mungkahing iyon at hinihintay lamang ni Lea si Mikel kung pabor din ba.
"Pag-iisipan ko muna."
Sambit ni Mikel at itinuloy lamang ang pagkain para makapag-asikaso na rin dahil papasok pa.
"Basta kung gusto mo na rin ay itaon natin na wala kang pasok."
Tumango lamang ang binata at tumayo na para makapaligo at makapasok.
Dati-rati ay mas nauuna ang matanda makatapos ng almusal at nauuna ring mag-asikaso para makaalis.
Pero nakaalis na si Mikel ay naiwan pa rin ang kanyang lola at nananatiling nakaupo kahit tapos ng makapag-agahan.
"Hihimukin ko ang aking apo at 'pag payag na s'ya ay ikaw na bahala sumama sa kanya ha."
Sumapit ang araw ng Linggo, walang pasok sa iskul si Mikel subalit ang kanyang lola ay walang pahi-pahinga.
Pumayag na si Mikel at hinintay lang munang makaalis ang matanda at sumunod na rin sila ni Lea.
"Ang sabi mo ay mayroong isang babaing nais kang isabay o isama sa pagtalon sa napakatarik na bangin."
"Tama ba? Uulitin ko ang tanong, tangka pa lang at 'di pa natuloy o nangyari na ikaw ay nahulog?"
Muli ring nilinaw ni Mikel sa kaharap na eksperto na hindi pa naman naganap na siya ay nahulog na.
"Alam mo ba na ang bangin ay mapanganib? Ano ang mangyayari 'pag nahulog sa bangin?"
"Swerteng masusugatan ka lamang kung ikaw ay mahuhulog doon."
"Ang pinakamalapit na kahahantungan o mangyayari sa 'yo 'pag nahulog ka sa bangin ay kamatayan."
**(Itutuloy)**




**(Ika-59 labas)**

**"HETO** na rin ang bayad para 'dun sa sasakyan na nasa likuran namin."
Dumaan sila ng toll gate at hindi inaasahan ni Bernard ang narinig sa lalaking nagmamaneho.
Habang nagbabayad ng toll fee kung tutuusin ay pwede silang makahingi ni Jane ng saklolo.
Pero nagdadalawang-isip at natatakot din si Bernard dahil mukha talagang desididong babarilin sila ni Jane lalo at kinabitan ng silencer ang baril.
Bukod pa roon ay nang marinig ang sinabi ng driver, ibig sabihin pala ay may iba pang kasama ang dalawang lalaki.
Mahaba-haba rin ang binabagtas nila kanina subalit hindi alam nina Bernard at Jane na mayroon palang nakabuntot na isa pang sasakyan sa kanila.
Doon lamang sa toll gate habang nagbabayad saka lang nila nalaman.
Kumpirmado kay Jane na hindi iyon sasakyan ng kanyang daddy at ganoon din si Bernard dahil alam niya ang kotse ni Cecile.
"Ganyan nga, susunod kayo sa mga sasabihin namin sa inyo. Lalo ngayon at alam na ninyong may nakabuntot pa sa ating ibang sasakyan."
Tinted ang salamin ng sasakyan pero kitang-kita naman nina Bernard at Jane ang mga nadadaanan nila.
Sa pamamagitan ng mga sign board ay natukoy nila ang lugar lalo na nang mapadaan sa town plaza.
Nasa isang bayan sila ng lalawigan ng Pampanga pero ang tinutumbok nila ay baryo.
"Oo, dito ako lumaki."
Ang nagmamaneho ay tubong-Pampanga at sa bahaging kabukiran ang kanilang punta.
Narating din nila ang pakay at ipinarada ang sasakyan sa harap ng isang abandonadong bahay.
Katamtaman ang laki ng bahay, marumi ang kapaligiran lalo na sa loob.
"Wala na kasing nagaasikaso, pamilya ko at mga kamag-anak lahat nasa Manila na. Ibebenta na namin 'tung lupa."
Daming tanong kaya sinagot naman siya ng kasama na siyang nagsilbing driver.
Pinababa na ng sasakyan sina Bernard at Jane na dalawang baril na ang nakatutok sa kanila.
Tinted din ang isa pang sasakyan kaya hindi maaninag ni Bernard ang mga sakay nito.
Nagtataka lang si Bernard dahil walang bumababa mula sa isang sasakyan.
Nananatili lamang nakabukas ang makina para gumana ang aircon.
"Kanta…kanta na. Gusto naming marinig ang mga boses n'yong dalawa."
**(Sundan)**

# LAKWATSERANG MAGKAIBIGAN, 'BFF' PA RIN SA KULUNGAN

**TULOY pa rin ang pagiging best friend forever (BFF) hanggang sa kulungan ng magkaibigan na naglakwatsa para lamang sa pag-inom ng alak at nagpanggap pa umanong mga volunteer sa ilalim ng Enhanced Community Quarantine sa Tanza, Cavite.**

Kasong paglabag sa RA 11332 Sec. 9, ART 151 OF RPC, Disobedience to An Agent of Person in Authority at Unjsut Vexation ang isinampa laban kina Joy Alegro, 34, dalaga, ng Blk 18 Lot 1 Phase 3 Carrisa Homes, Brgy Bagtas, Tanza; at Diosa Allecoria, 40, dalaga, ng Blk 47, Lot 7, Phase 3 Carrisa Homes, Brgy Bagtas.

Inireklamo sila nina Jenina Paminter, 50, kagawad ng Brgy Bagtas; at Jeston Latosa, 32, barangay tanod.

Sa ulat ni Pat John Paul Cruz, ng Tanza Municipal Police Station, nagsasagawa ng pagruronda sina Paminter at Latoza sa kanilang nasasakupan dakong alas-10:00 ng gabi at napansin ang magkaibigan na pasuray-suray na naglalakad, hindi nakasuot ng face mask at walang Quarantine pass.

Sinita ang mga ito at ipinaalala ang umiiral na curfew pero nagalit ang magkaibigan at nagpakilalang mga volunteer kaya ginabi.

Pero naamoy ni Paminter na nakainum ng alak ang dalawa kaya hinanapan ng ID na lalo umanong ikinagalit ng magkaibigan na humatong sa pagmumura.

Dahil dito ay inaresto ang magkaibigan na napagalamang galing lamang sa inuman.

Ang magkaibigan ay kapwa nakakulong sa Tanza Municipal Police Station. **GENE ADSUARA**

# Hontiveros backs greater assistance for solo parents in COVID-hit areas

**SENATOR** Risa Hontiveros today urged government to provide greater assistance and benefits for solo parents and their children, as part of efforts to help vulnerable households badly affected by the 2019 novel coronavirus (COVID-19) pandemic.

"The more than 2 months of strict quarantine have made life difficult for many Filipinos, but it is infinitely harder in all aspects for the single mothers or fathers who are raising their child or children alone. Now more than ever, they need our help," she said.

The senator made her call after Malacanang announced the lifting of community quarantine protocols in many parts of the country, which means that families in these areas will no longer receive cash aid from the Social Amelioration Program and other similar subsidies. According to Hontiveros, government should continue to provide aid to struggling and vulnerable households, like families with solo parents, who face a long and more difficult road to recovery.

"As a single mother myself, I know that solo parents have to work extra hard since such households rely on one income stream. So now that solo parents are unable to return to their work or earn a living due to community quarantine, their families have had little to no alternative means of getting the money they need to buy food or other basic necessities," she said.

"Considering that there are approximately 3 million solo parent households in the country, this means that there are almost 3 million families that have not been, or are in danger of not being able to meet their daily needs. If government will not help them, we will face a new social crisis which will impair our efforts to beat COVID-19," Hontiveros pointed out.

Hontiveros who chairs the Senate Committee on Women, Children, Gender Equality and Family Relations, then urged the passage of her proposed Expanded Solo Parents Act of 2020 (Senate Bill No. 1411) which seeks to provide solo parents new medical, social and educational benefits, as well as other forms of assistance.

"The everyday life of solo parents is a grueling balancing act between work and taking care of family, with or without the pandemic. Our laws must afford due protections and relief for solo parents and their families, in recognition of the additional and unique hardships that they face," she said.

Among the benefits under Hontiveros' bill is a new 20% discount for the hospital bills, medical needs and basic necessities of children from solo parent families. Likewise, the bill provides for a similar discount for the tuition fees of their children, which will apply from kindergarten all the way up to college.

The bill will also entitle solo parents to an additional 7 day parental leave, on top of leave privileges under existing laws. It will also require public and private workplaces with more than 300 employees to create daycare facilities, to help solo parents work and take care of their family at the same time.

Hontiveros explained that the benefits under the bill will be enjoyed by solo parents who are raising their child or children on their own since their spouse has died, has been detained, or has been physically or mentally incapacitated. The benefits may be also availed of solo parents who were legally or de facto separated from their spouses, who were abandoned by their spouses, or whose marriages have been annulled by the courts.

The bill, she added, also expanded the definition of 'solo parents' to include unmarried persons with actual custody or parental authority over their children, and even the spouses of Overseas Filipino Workers (OFWs) who have been away from the Philippines for an unbroken period of twelve (12) months.

"We will be facing a lot of changes as we transition out of this quarantine. Our solo parents need a 'new normal' that includes them. No one should get left behind," she concluded. **PR**

# DILG spox welcomes communications support from PCCO

**CALOOCAN CITY (PIA) --** Department of the Interior and Local Government (DILG) spokesperson Undersecretary Jonathan Malaya on Thursday expressed appreciation to the Presidential Communications Operations Office (PCOO) for helping draw their agency closer to its stakeholders.

During the #LagingHandaPH network briefing, Malaya said the PCOO "continuously" supported the DILG in communicating accurate, credible and urgent messages to all attached agencies, including local government units (LGUs), which the Department also supervises.

"Kami po ay nagpapasalamat sa inyo, sa pamunuan ng PCOO for continuously supporting the DILG," he said.

"Sa panahong ito, napakahalaga ng komunikasyon para maipaabot ng DILG sa aming partner-LGUs, kapulisan, jail, fire at lahat ng attached agencies ng DILG ang tama at credible na impormasyon at kayo sa PCOO ay gumaganap ng importanteng role na natutulungan n'yo po kami ng lubusan para maipaalam sa ating publiko ang mga importanteng announcements namin," he added.

The #LagingHandaPH network briefing, which PCOO Secretary Martin Andanar regularly hosts and multicast by all government media, helps connect national agencies, the LGUs, and members of local media, among others, on pressing issues amid the COVID-19 pandemic.

Likewise, the PCOO's #DismissDisinformation campaign seeks to combat fake news and the spread of false and misleading information proliferating in the communities especially during times of crisis.

On the other hand, the Laging Handa COVID 19 PH Official Website (covid19.gov.ph), also powered by the PCOO, is a resource site of news, information, guidelines, and inter-agency resolutions pertaining to the management of COVID-19.

Moreover, one of the PCOO's attached offices--the Philippine Information Agency, with an extensive regional and provincial reach across the country, go as far as translate government strategic messages and guidelines into the local dialect in order to help LGU constituents better understand them.

One of the current issues hounding the DILG and talked over in the network show is the reportedly slow and anomalous distribution of cash subsidy payouts by some LGUs under the social amelioration program (SAP).

"Ngayong araw ipapalabas ni Secretary Eduardo Año 'yung ating show cause order laban sa 44 na mga mayors sa buong bansa na naging mabagal sa distribution ng social amelioration program," Malaya said.

"Alam naman natin na hindi na siguro bababa sa 2% ng ating mga kababayan ang hindi pa nakakatanggap ng SAP. Medyo nalulungkot tayo dito na may konti pa dahil sa bagal ng ilang LGUs, nabibilang na lang po 'yan," he added. **(PIA NCR)**

# Pamantasan ng Lungsod ng Maynila to open flexible classes in August

**CALOOCAN CITY (PIA)** --The Pamantasan ng Lungsod ng Maynila will be opening Academic Year 2020-2021 this August, but will allow only a limited number of students and staff to return to campus premises.

In a statement posted at their website, University President Emmanuel Leyco announces that PLM will definitely reopen classes by August, but will employ flexible/blended learning that will see some lectures shift towards virtual learning strategies to adapt to the "new normal" amid the coronavirus pandemic.

The flexible approach is necessary as internal studies showed that classrooms in the Intramuros campus can only accommodate less than 50% of the student population at a time, in compliance with the physical distancing guidelines that require a distance of six feet between people.

Leyco earlier said that online delivery systems will become the new norm among academic institutions globally. Harvard and other American universities have started offering online programs. PLM is also exploring how to bring these digital lectures even to students without access to gadgets or stable internet connection at home.

"Our utmost priority is to let students continue learning. While it may not be possible to return to the usual classroom setup, we are looking for ways for uninterrupted schooling even as students stay inside their homes due to the threat of COVID-19. We are now focusing the school's resources to boost our virtual capability and sustain accessible but quality education during this public health crisis,"Leyco said.

The Commission on Higher Education has also recognized the importance of flexible learning amid limitations in school-based classes due to social distancing guidelines. CHED Chairperson Prospero De Vera III has said that universities are expected to use May and June to craft plans for this shift, as well as for the training of teachers in adopting flexible learning techniques.

University officials are in the middle of online discussions to prepare for the resumption of classes. Courses reliant on laboratory training may implement shifting schedules to allow students to hold hands-on sessions, while general education lectures are being eyed to transfer to online learning platforms. E-learning may also apply to graduate school as well as social science courses. The protocols will be announced once the details are finalized.

Existing guidelines prohibit face-to-face classes in both the enhanced community quarantine and general community quarantine scenarios.

Meanwhile, administrative staff are now retrofitting the campus, with plans to install foot baths and disinfection systems in entry and exit points to prevent infections once faculty, staff, and students are eventually allowed to return to school.

PLM's annual budget is also being reassessed to provide for investments in technology for blended learning. Projects meant for 2020 which have not been started will be discontinued to free up funding for more pressing needs, President Leyco added. Meanwhile, the salaries of regular as well as contractual PLM employees have been sustained throughout the two-month quarantine period. **(PLM/PIA-NCR)**

# IATF GRANTS BACOOR CITY'S APPEAL FOR MODIFIED ECQ

**Bacoor City, Cavite (PIA) -- The Regional Inter-Agency Task Force granted the local government's appeal for the reconsideration of the General Community Quarantine (GCQ) and placed the city under the Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) effective May 16, 2020.**

This was revealed by Mayor Lani Mercado-Revilla as she addressed her constituents in a video post, a day before the lifting of the ECQ and moving to the GCQ status in the province.

Mayor Lani Revilla said that, "The move was for the best interest and safety of all the Bacooreños in the wake of the COVID-19 threat that is still very much present in our midst."

The MECQ brings not much difference because the same limitations on the movement of the residents remain in effect. Q-passes are still required for persons allowed to access food and essentials and to the employees/workers needed for establishments permitted to operate.

Mandatory wearing of face mask and social distancing will always be the rule when outside the residence.

Likewise, clustering of barangays and the clustering schedule of public markets, supermarkets, groceries and other establishments still remain in effect and curfew will be from 8pm - 5am with the exception of workers' duties beyond these hours.

Mass gatherings are strictly prohibited while meetings are limited to 5 persons only with social distancing strictly observed.

Outdoor exercises like walking, jogging, and biking are allowed within prescribed hours of 5am-7am and 4pm- 6pm while senior citizens will have to exercise within house premises or backyards.

Schools remain closed and transactions are limited to electronic transactions or online banking only.

The Barangay will issue new Q-passes to Q-pass holders who will return to work while Travel Pass are required for those transferring to new residences within the province and to job applicants for their job applications outside the city.

Mayor Revilla said, "It will be difficult because there is still no public transportation," as she pertains to IATF ruling on transportation limited to company and government shuttles and the allowance for social distancing in private vehicles allowed for Authorized Persons Outside of Residence (APOR).

Establishments and companies who are allowed to operate under IATF ruling will be controlled by IATF's operational procedures.

"Let us all be patient because in the right time we can move to GCQ and slowly start the city's economy," said Mayor Lani Revilla **(Ruel Francisco, with reports from the video of Mayor Lani Revilla and from the FB page of the City Government of Bacoor)**

# Pera ng gasolinahan, pinakialaman ng kahero

**IPINAARESTO** ang kahero ng isang gasolinahan nang limasin nito ang tinatayang P120K na benta matapos ma-lockdown sa Ternate, Cavite.

Kasong Qualified Theft ang kinaharap ng suspek na si Emelson Manlansang, 35, ng 105 Naval Ext., Baritan, Malabon City, dahil sa reklamo ni Edsel de Dios, 49, gasoline station operator.

Sa ulat ni PSSgt Ernesto Gayyed, Jr., ng Ternate Municipal Police Station, dakong alas-5:-00 ng hapon nang natuklasan ng operator ng gasolinahan na nilimas ng suspek ang pinagbentahan.

Nauna rito, sorpresang dinalaw ni Dios ang isang branch ng gasolinahan sa Brgy Poblacion 1A, Ternate, kung saan simula ng ipatupad ang Enhanced Community Quarantine (ECQ) noong Marso ay na-lock down ang suspek kaya naiwan ito sa nasabing gasoline station at naiwan din ang ilang kita ng gasolinahan bago nagsara na nakalagay sa isang cabinet.

Gayunman, pagdating ni Dios ay nasorpresa ito nang nakitang bukas ang kanyang cabinet at nawawala na rin ang cash na nagkakahalaga ng P120,000 dahilan upang ipadampot nito ang suspek.

Sa presinto, inamin ng suspek na nagastos niya ang pera dahil umano sa ilang pagpapagawa sa gasolinahan at panggastos nito simula nang na-lock down at ipinadala umano sa kanyang pamilya. **GENE ADSUARA**

# Religious gatherings now allowed in areas under MECQ, GCQ

**MANILA** – The Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) has allowed the conduct of religious gatherings in areas placed under modified enhanced community quarantine (MECQ) and general community quarantine (GCQ).

Cebu and Mandaue cities will be placed under ECQ, while Metro Manila, Laguna, Bataan, Bulacan, Nueva, Ecija, Pampanga, Zambales, and Angeles City will be under MECQ from May 16 to 31.

Other places nationwide that are not under ECQ or MECQ will be under GCQ.

Under the omnibus guidelines on the implementation of community quarantine in the country released on Friday, the last day before the transition, religious gatherings in areas under MECQ would be highly restricted and limited to not more than five persons.

While religious activities are not encouraged in areas placed under GCQ, the IATF-EID authorized such activities, so long as the maximum number of participants is 10.

People engaged in religious activities must observe minimum health standards.

Public gatherings that are "unauthorized, non-work essential, or are entertainment-related" remain prohibited in places where MECQ and GCQ are implemented.

In areas under enhanced community quarantine (ECQ), mass gatherings are still prohibited.

Mall operations

Limited operations in malls and shopping areas in places under MECQ and GCQ will be allowed, except for leisure establishments and services.

Pregnant women and individuals with health risks may not enter malls and shopping centers in areas under MECQ, "except when indispensable under the circumstances for obtaining essential goods and services or for work in establishments located therein."

For areas under GCQ, individuals aged 21 years and below and 60 years and above may not enter malls and shopping centers, "except when indispensable under the circumstances for obtaining essential goods and services or for work in establishments located therein."

Leisure activities not allowed in areas under MECQ

The new guidelines also prohibited the public in areas under MECQ from visiting tourist spots, such as water parks and other places that offer similar services.

Operations of entertainment industries, such as cinemas, theaters, and karaoke bars are also banned.

People are likewise not allowed to go to kid amusement establishments; libraries, archives, museums, and cultural centers; and gyms, fitness studios, and sports facilities.

They also cannot avail of personal care services from massage parlors, sauna, facial care, and waxing.

Public transportation

Mass public transportation in places where ECQ and MECQ are imposed remains suspended.

However, commissioned shuttle services for employees of permitted establishments, and point-to-point transport services for frontline workers are allowed to operate at reduced vehicle capacity to observe minimum health standards.

The IATF-EID also allowed exempted individuals to use private company shuttles and personal vehicles, as well as bikes and other non-motorized vehicles in areas under MECQ.

Meanwhile, the road, rail, maritime, and aviation sectors of public transportation in areas under GCQ are allowed to operate at a reduced operational and vehicle capacity.

A strict one-meter distance between passengers must be observed and appropriate engineering controls must be in place, according

# Alonte Sports Arena sa Biñan, Laguna, gagawing mega quarantine facility

**BIÑAN CITY, Laguna (PIA)** — Inihahanda na ng Department of Public Works and Highways (DPWH) ang Alonte Sports Arena sa Biñan City, Laguna upang gawing mega quarantine facility para sa isolation at medical treatment ng mga pasyenteng tinamaan ng coronavirus disease 2019 (COVID-19) sa rehiyon ng CALABARZON, partikular sa probinsya ng Laguna.

Sa isang pahayag, sinabi ng DPWH na sisimulan na sa susunod na linggo ang pagsasaayos ng sports arena para gawing mega quarantine facility kahalintulad sa mga naunang pasilidad na ginawa nito sa World Trade Center, PICC, at Philippine Arena.

"Alonte Sports Arena will be transformed into makeshift hospital with bed cubicles, nursing stations, sanitation chambers, and designated storage areas," saad nito.

Ayon sa DPWH, ito ang ika-10 mega quarantine facility na isasaayos ng kanilang ahensya sa ilalim ng Bayanihan to Heal as One program ng pamahalaan.

Buo naman ang suporta ng pamahalaang lungsod na pinamumunuan ni Mayor Walfredo R. Dimaguila, Jr., gayundin ng Congressional District Representative na si Marlyn B. Alonte sa pag-convert sa Biñan Sports Arena bilang mega quarantine facility.

Inaaasahang matatapos sa loob ng pitong araw ang pagsasaayos ng nasabing sports complex upang maging mega quarantine facility.

Nitong Huwebes, Mayo 14, ay personal na nagtungo sa Alonte Sports Arena si National Task Force COVID-19 chief implementer Secretary Carlito Galvez Jr. kasama ang mga opisyal ng DPWH upang magsagawa ng kaukulang inspection sa iko-convert na pasilidad.

Nagkaloob din ito ng donasyong surgical masks, 5,000 rapid testing kits, at 1,000 personal protective equipment sa pamahalaang lungsod ng Biñan na personal namang tinanggap ng mga opisyal ng pamahalaang lungsod. **(FSC/DPWH)**

# Mga isinarang entry at exit sa NLEX, SCTEX binuksan na

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA)** -- Muling binuksan sa trapiko ang mga entry at exit sa kahabaan ng North Luzon Expressway o NLEX at Subic-Clark-Tarlac Expressway o SCTEX na pansamantalang isinara matapos ipatupad ang Enhanced Community Quarantine sa buong Luzon.

Ayon kay NLEX Corporation President Luigi Bautista, tuluy-tuloy nang makakadaan ang mga sasakyan sa mga interchange ng Meycauayan main, Marilao, Bocaue, Tabang, Sta. Rita, Pulilan, San Simon, San Fernando, Mexico, Angeles, Dau at Sta. Ines.

Wala nang nakahimpil na mga checkpoint sa nabanggit na mga entry at exit maliban sa Angeles at Dau interchanges, dahil kabilang ito sa mga nilalabasan ng mga sasakyan na galing sa Clark International Airport o CRK.

Mas pinaigting naman ang checkpoints ng Joint Task Force Coronavirus Shield o JTF CV Shield sa mga entry at exit ng NLEX sa hangganan nito sa Metro Manila gaya ng Mindanao Avenue interchange, NLEX-Harbor Link ramps at Balintawak toll plaza.

Tanging ang mga maliliit na entry at exit na lamang sa NLEX ang nananatiling sarado gaya ng bagong bukas na Tambubong exit, entry sa northbound at entry sa southbound. Gayundin ang Pandayan southbound exit at Libtong northbound exit sa Meycauayan; Lingunan southbound exit at Lawang Bato northbound exit sa Valenzuela.

Sarado naman ang Ciudad de Victoria interchange sa trapiko. Pansamantala na eksklusibo lamang ito para sa mga sasakyan na may kaugnayan sa operasyon, at magdadala ng pasyente sa We Heal As One Center sa Philippine Arena complex.

Sa SCTEX, 100 porsyento nang bukas ang mga entry at exit ramp nito bagama't pinapanatili ang mga checkpoint ng JTF CV Shield sa Clark South at Clark North interchange, na nagsisilbi ring gateway papuntang CRK.

Inalis na rin ang mga checkpoint sa interchange ng Hacienda Luisita/San Miguel, Tarlac City, Porac, Floridablanca at Tipo.

Bagama't bukas na rin, pinanatili ang mga checkpoints sa mga interchange ng Dolores at Concepcion.

Binigyang diin ng NLEX Corporation na ito na rin ang magiging sistema kapag ipinatupad ang General Community Quarantine sa Gitnang Luzon. **(CLJD/SFV-PIA 3)**

# 2 TRICYCLE DRIVER, DUMAYO SA 'PAGPASADA' NG DROGA

**DUMAYO pa sa ibang lugar ang dalawang tricycle driver hindi para sa pagpasada kundi upang makaiskor ng droga sa Bacoor City, Cavite.**

Kasong paglabag sa RA 11332 at Sec 11 ng RA 9165 ang kinaharap ng mga suspek na sina Michael Ryan Forca, 20; at Arvin Taquiqui, 18, kapwa residente ng Southville 3 Housing, Brgy. Poblacion, Muntinlupa City.

Sa ulat ni PSMSgt Feliciano Garcia II, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-4:00 ng hapon ay hinabol ng mga barangay official ang dalawa habang nagbibisekleta.

Tinakbuhan ng dalawa ang checkpoint sa Queensrow Ave., Brgy Queenrow East, Bacoor City dahil sa hindi pagsusuot ng mga ito ng face mask.

Nang maabutan ng mga barangay tanod ay tinanong at hinanap ang home quarantine pass ng dalawa.

Dito nalaman ng mga tanod na ang dalawa ay nagmula pa sa Muntinlupa City.

Kasunod ay nakuha rin sa pag-iingat ni Forca ang isang sachet ng shabu na itinago sa loob ng kanyang cellphone na Samsung Galaxy Y Pro DUOS.

Lumilitaw na dumayo pa ang dalawa sa Bacoor City mula Muntinlupa upang kumuha ng shabu si Forca sa ama nito para maitulak din o maibenta.

Nabatid na hiwalay na ang magulang ni Forca at nakatira sa Queensrow, Bacoor City ang ama nito, na umano'y isa ring tulak.

Ang dalawa ay kapwa nakakulong sa Bacoor City Custodial Center. **GENE ADSUARA**

# PNP now handles cash payout graft, corruption cases committed by barangays

CALOOCAN CITY (PIA) -- Graft and corruption cases related to the handling of cash payouts under the social amelioration program (SAP) will now be investigated by the Philippine National Police-Criminal Investigation and Detection Group (PNP-CIDG) and no longer by the DILG field offices.

This was clarified by Department of the Interior and Local Government (DILG) spokesperson Undersecretary Jonathan Malaya during the recent Laging Handa public briefing and said that DILG Secretary Eduardo Año was the one who decided to transfer the investigative legwork of corrupt practices made by barangay officials handling the SAP emergency relief cash assitance.


Since the CIDG has more investigators than the DILG field offices, Secretary Año decided to transfer the investigation to the PNP-CIDG field offices for the immediate filing of cases, Malaya said.

"Iyong mga tara, kaltas, splitting at pare-parehas ang pangalan ng nakatanggap ng SAP ay CIDG na ang mag-iimbestiga niyan. Ngunit kung mga violations of social distancing, tinolerate ni kapitan iyong tupada, nagkaroon ng parade o naging pabaya si kapitan sa mass gathering 'yan po ang may show cause kasi administrative case 'yan," he added.

"Si Sec. Año will not tolerate a single instance of graft and corruption. 'Pag may 'tara' (corruption system), may kaltas, merong splitting, pulis na po ang pupunta sa inyo at kung sakaling caught in the act kayo, aresto na po kayo kaagad," he added.

The DILG spokesperson said that the public may participate in validating the list of beneficiaries of SAP in their communities by checking the list posted in barangay halls which is also a requirement for LGUs to get the 2nd tranche of SAP to be downloaded by the Department of Social Welfare and Development (DSWD).

"Iyong compliance ng mga barangay sa pagpaskil ay mataas, 97% ng lahat ng barangay pinaskil ang mga listahan ng kanilang mga benepisyaryo. Kaya nakikita ng mga kababayan natin kung sino ang tiwali dahil makikita mo sa listahan kung mayroong anomalya," he said.




## Nakakalito na ang batas

**SASALANG** sa pagdinig (hearing) at doon ay bubusisiin ang lahat ng dokumento ng isang bagong aplikante.

Hihintayin ang ipalalabas na desisyon ng Hukom kung denied ba o granted.

Kapag granted ay kwalipikado na para sa paglahok sa raffle at ito ay mayroong bisa na hanggang limang taon.

Halimbawang ang court order ay naibaba ng petsang Enero 6, 2015 ay nangangahulugan na mapapaso (expire) ito ng Enero 6, 2020.

Dapat bago ang pagsapit ng Enero 6, 2020 ay makapaghain na muli ng petisyon sa hukuman para sa panibagong five years accreditation.

Ang tawag naman dito ay re-accreditation.

Sumapit o lumagpas man ang Enero 6, 2020 subalit wala pang desisyon ang Judge ay taglay pa rin ang karapatan sa partisipasyon para sa raffle kasi bago pa man sumapit ang naturang petsa ay naisubo na sa korte ang aplikasyon o petisyon.

Kung ang lalabas na desisyon ni Judge sa aplikasyon para sa re-accreditation ay denied, nararapat maghain ng Motion for Reconsideration at kailangang isumite ang ano mang kulang o hinahanap na dokumento ng hukuman.

Sakali naman na denied pa rin ang inihaing MR, maaaring iakyat sa Supreme Court.

Ang isang Huwes ay maglalabas ng order o desisyon batay sa kanyang ginawang pag-aaral at pananaliksik.

Gayunman ay naroroon ang mga katanungan.

Bakit iyong ibang Judge ay naaprubahan naman ang petisyon subalit itong isang Huwes ay hindi samantalang parehas lamang ang mga isinumiteng dokumento sa kani-kanilang tanggapan.

Kwestyunable hindi po ba? Nakakapagtaka!

Batas ang nakasalalay dito.

Batas ang pinag-uusapan.

Mahirap magdunung-dunungan sa ngalan ng batas.

Nagsasaliksik ng karunungan o kaalaman para sa isang batas subalit kalituhan ang kinahihinatnan.

Kung minsan ay talaga naman masasabi nating nakakalito na ang batas.

Katulad ng usapin sa 'Kapamilya Network.'

Anyway, hindi naman ako sumasakay sa isyu ng ABS-CBN shutdown.

Kasi naman ay nuknukan ng daming napakagaling na mga lintek.

Ang resulta ay napakarami tuloy na 'Juan dela Cruz' ang labis na nalilito.

Hindi na alam ang tama o mali sa usaping ito, sino ba ang mga nagsasabi ng katotohanan at kanino nga ba ang kasinungalingan?

Ang hanap ng nakararaming madla ay payak na impormasyon lalo at nakasalalay ang aspetong legal.

Matapos at maayos na sana ang usapin tungkol sa ABS-CBN, iyon lang ang aking masasabi rito.

Ganoon din sa mga nakitaan ng paglabag sa enhanced community quarantine protocols.

Sinasabing dapat ay pairalin ang batas na pantay sa mahirap o mayaman man.

Hinahanap rito ay patas na batas, walang pipiliin para sa hustisya.

Balik tayo sa akreditasyon para sa 'rapol, nawa'y palaging pinaiiral ng mga butihing Huwes ang kanilang makatarungan, makatwiran, makatao, at higit sa lahat maka-Diyos na kapasyahan.

Nasa panahon pa rin tayo ng pandemic kaya higit nating paniwalaan at sundin ang batas ng Diyos.

Hindi baleng malito o maguluhan sa mga batas na umiiral at pinaiiral sa ating bansa, huwag lamang po sa batas ng Diyos na siya naman dapat nating tinataglay.

# 2 nasa HVT ng pulisya, timbog sa P6-M shabu

**TINATAYANG** mahigit sa P6 milyon halaga ng shabu ang nasamsam sa isinagawang buy bust operation at pagkakaaresto sa dalawang katao na kapwa nasa High Value Targets (HVT) ng pulisya, isang araw bago ibinaba sa Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) sa Bacoor City, Cavite.

Kinilala ng pulsiya ang mga suspek na sina Chito Gotgotao, 32, ng Purok 2 Maguindanao St., New Lower, Bicutan Taguig City; at Charlie Legaspi y Canga, 48, ng 205 Antalan St Central Signal Village Taguig City.

Sa ulat ni PSSg Christian Nel Arias Cuevas, ng Bacoor City Police Station, kay Cavite Provincial Director PCol Marlon Santos, dakong alas-5:00 Biyernes ng hapon ay ikinasa ng pinagsanib ng puwersa ng Drug Enforcement Unit (DEU) Cavite ang buy bust operation sa Brgy Molino 4, kung saan 5 gramo ng shabu ang drug deal sa pagitan ng poseur buyer at mga suspek.

Nakuha pa sa mga suspek ang 20 piraso ng plastic sachet na naglalaman ng shabu na aabot sa timbang na 1 kilogram o may street value na P6,800,000.

Kasong paglabag sa RA 9165 ang isinampa laban sa dalawa na kasalukuyang nakakulong sa Bacoor City Custodial center. **GENE ADSUARA**

# Bateryang ari ng gobyerno 'tinalo' ng kawatan

**ARESTADO** ang isang 28-anyos na lalaki matapos tangayin ang tinatayang P20K halaga ng baterya na pag-aari ng gobyerno sa Silang, cavite.

Kinilala ang suspek na si Santiago Gorospe, may-asawa, ng Brgy Biga II, Silang, dahil sa reklamo ni Herny Caballero, 50, government employee, ng Block 1 Buklod Bahayan, Brgy Tartaria, Silang.

Sa ulat ni PSMsgt Henry Abarca, ng Silang Municpal Police Station, dakong alas-3:30 ng hapon ay nakita ni Caballero na binitbit ng suspek ang apat na pirasong baterya na pag-aari ng Silang Material Recovery Facility (MRF) sa Brgy Tubaan 1.

Habang bitbit ng suspek ang nasabing baterya ay nagtago si Caballero sa pangamba sa kanyang buhay subalit nagtungo ito sa kanilang barangay na nagresulta sa pagkakaaresto sa una at pagkakarekober sa mga baterya. **GENE ADSUARA**